



TALAS

TOMO 9

**Talas: Interdisciplinary Journal
sa Edukasyong Pangkultura**
Philippine Cultural Education Program



TALAS

Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura (Tomo 9)

Philippine Cultural Education Program

**Talas: Interdisiplinaryong Journal
sa Edukasyong Pangkultura (Tomo 9)**

Philippine Cultural Education Program
ISSN: 2599-3542

Karapatang-sipi ©2026
ng Pambansang Komisyon
para sa Kultura at mga Sining
at Philippine Cultural Education Program

Hindi maaaring kopyahin ang alinmang bahagi ng
aklat sa alinmang paraan – grapiko,
elektroniko, o mekanikal – nang walang
pahintulot mula sa may hawak ng karapatang-sipi.

*Ang Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong
Pangkultura ay dumaan sa double-blind na proseso
ng pag-referee at taunang inililimbag.*

Inilathala at ipinamamahagi ng



**PAMBANSANG KOMISYON
PARA SA KULTURA AT MGA SINING**

Room 5D #633 General Luna Street,
Intramuros Manila
Tel: (02) 8527-2192 loc. 529
Email: pcep.secretariat@gmail.com



**ANDREA O. VENERACION SING
PHILIPPINES FOUNDATION INC.**

One Orchard Condominium,
Eastwood, Queson City

The National Commission for Culture and the Arts (NCCA) is the overall coordination and policymaking government body that systematizes and streamlines national efforts in promoting culture and the arts. The NCCA promotes cultural and artistic development: conserves and promotes the nation's historical and cultural heritages; ensures the widest dissemination of artistic and cultural products among the greatest number across the country; preserves and integrates traditional culture and its various expressions as dynamic part of the national cultural mainstream; and ensures that standards of excellence are pursued in programs and activities. The NCCA administers the National Endowment Fund for Culture and the Arts (NEFCA).



LUPON NG EDITOR

Joseph "Sonny" Cristobal, PhD

Punong Editor
Direktor
Philippine Cultural Education Program

Alvin Ringgo C. Reyes, LPT, MA

Editor ng Isyu

Alpha Ruiz

Tagapamahalang Editor

Mervin Concepcion Vergara

Tagadisenyo ng Pabalat at Journal

SEKRETARYAT NG PCEP

Alpha Ruiz

Project Officer

Jennifer Barberen

Project Officer

Agnes Villareal

Administrative Officer

**ANDREA O. VENERACION SING
PHILIPPINES FOUNDATION INC.**

Project Staff

Herminia Laudencia
Consolacion Gamboa
Estelita Dela Cruz

Tungkol sa Pabalat: (front cover) Photograph
of dancers Victor Maguad and Jemima Reyes.
(back cover) Photograph of Dancer Jemima
Reyes (in maroon costume) and Eloisa Jessa
Tangalin (white costume). The photos was
originally commissioned by Ballet Philippines
as a publicity collateral for the dance
production of the ballet Alice Reyes' ITIM ASU.
All rights reserved © Jojo Mamangun 2019

NILALAMAN

1 Paunang Salita ng Punong Editor

3 Introduksiyon ng Editor ng Isyu

Mga Artikulo/Articles

7 Si Bautista sa Pasalitang Tunggalian: Pagsusuri sa Balagtasan at Bagsakan
Gamit ang Words and Battlefields ni Cirilo F. Bautista
Ni Sara Mae San Juan-Robin

22 Dancing with Significance and Passion: The Contributions of Ballet
Philippines to Philippine Dance and Culture
By Vivienne S. Monta

37 Gintong Silahis: Shedding Light and Hope Through Theatre
By Davidson G. Oliveros

54 Dance and Musical Rendering of Padaraw Festival
By Mark Glenn L. Tejada

73 Reimagining the Philippine Music Classroom:
Towards a Decolonized Future
By Samantha Andre V. Torres and André Lorenz Bitun Feria

91 Ang Representasyon ng Pilipinas sa ASEAN Culture House: Pambansang
Kultura, Rehiyonal na Identidad, at Kultural na Diplomasya sa ASEAN
By Gerard P. Concepcion

109 Lima Ka Binalaybay Halin sa South Cotabato
Five Poems From South Cotabato
Poems in Kinaray-a with Translations in English
Ni Adrian Medina Pregonir

121 Tungkol sa mga May-akda/About the Authors

PAUNANG SALITA

Mula nang atasan ito ng National Cultural Heritage Act of 2009 na bumalangkas ng mga programang pang-edukasyon upang maipasok ang mga pamanang pangkultura sa pormal, alternatiba, at impormal na sistema ng edukasyon, hindi na mabilang ang mga programa at proyektong isinagawa ng Philippine Cultural Education Program (PCEP) upang tuparin ang mandato nito. Bisyon ng PCEP na mapataas ang kaalamang pangkultura at mapalakas ang mga Pilipino sa pagtiyak na kultura ang nasa sentro ng edukasyon, pamamahala, at sostenibleng pag-unlad.

Isa sa mga pangunahing proyekto ng PCEP ang paglalathala ng Talas Journal, isang refereed journal na nagbibigay ng espasyo sa mga mananaliksik, alagad ng sining, at edukador na maglathala ng mga pag-aaral na pumapaksa sa mga napapanahong usapin tungkol sa kultura at sining. Tumatanggap din ito ng malilikhaing akda na nagtatanghal sa panitikan ng iba't ibang katutubong pangkat sa Pilipinas. Lahat ng papel ay dumaraan sa double-blind review sa tulong ng mga naanyayahang eksperto.

Para sa Talas 9, tampok ang anim na saliksik at isang malikhaing akda na mag-aambag sa diskurso tungkol sa pamanang pangkultura. Umiinog ang mga papel na ito sa panunuring pampanulaan, kasaysayan at pag-unlad ng mga samahang pansining, etnomusikolohiya ng pistang-bayan, araling post-kolonyal at kritikal na pedagohiya sa musika, politika ng identidad, kritikal na pag-aaral ng mga museo, at pandarahas at pangangamkam ng lupang ninuno ng mga katutubo.

Taos-pusong pasasalamat sa mga referee na naglaan ng pagod at talino sa matalas na pagtitimbang sa merito ng bawat artikulo: Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan Virgilio S. Almario, Dr. Rebecca T. Añonuevo, Dr. Ma. Amihan Bonifacio-Ramolete, Dr. Dexter B. Cayanes, Prop. Noah Cruz, Dr. Feorillo Petronilo A. Demeterio III, Prop. Dulce Maria V. Deriada, Dr. Jazmin B. Llana, Prop. Ferdinand M. Lopez, Dr. Rowell D. Madula, Dr. Victor Emmanuel Carmelo Nadera, Jr., Dr. Jovy M. Peregrino, Dr. Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, Dr. Marlon James Sales, Dr. John Iremil E. Teodoro at Dr. Jocelyn Timbol-Guadalupe. Maraming salamat din kay Prop. Alvin Ringgo C. Reyes, editor ng isyu, sa matiyagang pagtiyak na lalong mapabubuti ang bawat papel ayon sa puna ng mga referee.

Sa pagpasok ng Education 5.0 na kumakasangkapan sa mas sopistikadong teknolohiya gaya ng Artificial Intelligence sa pagtuturo at pagkatuto, lalong nagiging mahalaga ang sariling kultura dahil ito ang titiyak na “pantao” at “makatao” pa rin ang ipinatutupad na mga sistema at kaparaanan. Ang sariling kultura ang di-mabuburang tanda ng pagkatao, gaya ng bakas ng mga daliri, anumang pindot o lipat sa mga screen. Inaasahang ang Talas Journal ay hindi lang magiging dokumentasyon ng pag-unlad ng kultura at sining kasabay ng pagbabago ng panahon. Nawa ay maging pirming tagapag-ingat din ito ng natatanging identidad bilang Pilipino at palaging tagapagpaalala kung paano umiral bilang isang Pilipino.

Ipagdiwang natin ang talas ng Pilipinong saliksik at panitik.

Joseph “Sonny” Cristobal, PhD

Punong Editor, Talas Journal

Direktor, Philippine Cultural Education Program

Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining

INTRODUKSIYON

Sa kaniyang aklat na “Muling-Pagkatha sa Ating Bansa: O Bakit Pinakamahabang Tulay sa Buong Mundo ang Tulay Calumpit?” (2010), isinulong ng Pambansang Alagad ng Sining na si Virgilio S. Almario ang pagkakaroon ng Filipinong Pananaw, isang perspektibang nagsasakatutubo ng mga pamamaraan sa pagtitipon, pagsasaayos, at pagsusuri ng mga panitikan sa Pilipinas. Sinimulan niya ang pagdalumat sa nasabing pananaw sa pagbanggit ng isang sagnong sa Florante at Laura na:

Ang kaluluwa ko’y kusang dumadalaw
Sa lansanga’t nayong iyong niyapakan
Sa Ilog Beata’t Hilom na mababaw
Yaring aking puso’y laging lumiligaw

Ipinahihiwatig ng taludtod ang pagnanais ng may-akdang si Francisco Balagtas na bumalik sa mga lansangan at nayon ng kaniyang sariling bayan, hindi ng ibang bansa. Nangangahulugan ito na ang isang mambabasa, bago tumunghay, magsuri, o humanga sa dayuhang panitikan, ay dapat munang kumilala sa panitikan ng kaniyang sariling bayan upang namnamin, pag-aralan, at pahalagahan ito.

Para kay Almario, sa pagbuo ng pambansang panitikan, unang hinihingi ng Filipinong Pananaw ang pagsasanib dito ng mga “kaalaman, hilig, at ugali na nakamihansang ipiit lamang sa kamalayan at diwain ng isang pulo, lalawigan, o rehiyon (2010).” Ang pambansang panitikan ay hindi lamang dapat maglaman ng mga akda ng isang pangkat na naghaharing-uri bagkus, dapat magtaglay ito ng literatura mula sa iba’t ibang katutubong pangkat sa Pilipinas. Hindi rin dapat maging mainstream o popular lang ang klase ng mga panitikang itinatampok kundi dapat itong sumalamin sa samo’t saring kultura, pamumuhay, isyu, suliranin, at iba pa na mayroon sa magkakaibang pangkat sa bansa.

Pangalawa, dapat ayusin ang mga natipong panitikan nang may matibay na sandigang katutubo (Almario, 2010). Nangangahulugan daw ito ng pagtaliwas sa nakasanayang paghahanay ng literatura na nagsisimula sa panahon ng mga Katutubo; sinusundan ng panahon ng mga Español, Propaganda at Himagsikan, Amerikano, Hapones, Republika, Diktadura at Demorasya; at nagtatapos sa Panahong Kasalukuyan. Hindi rin daw nito sinisimulan ang pagmamapa ng panitikang Pilipino 500 taon lang ang nakalilipas kasabay ng pagkatuklas ni Magallanes sa Pilipinas kundi 60, 000 taon na ang nakakaraan, kasabay ng pagkabuhay ng mga Taong Tabon na isa sa mga unang taong nabuhay sa bansa at kinakitaan ng mga ebidensiya ng kalinangan. Ilan sa mga alternatibang paraan ng pag-aayos ng panitikan na ipinanukala ni Almario (2010) ang pagbubukod ng mga literatura ayon sa impluwensiya ng Islam; pagtugaygay sa pagsulong ng pamumuhay ng mga Pilipino (mula pangangaso at pangingsida patungong pagsasaka) at ng kanilang mga kagamitan (mula sa payak na gamit sa pangangaso't pangingsida hanggang sa mas masalimuot na gamit sa iba pang kaunlarang pangkalinangan, gaya ng paggawa ng hiyas); pagkilatis sa naging bisa ng kolonyalismong Espanyol sa katutubong tradisyon ng pagsulat; pag-uuri ng mga panitikang nasuri nang mabuti at nasikil at hindi gaanong nasuri at nahayaan sa panahon ng mga Amerikano; peryodisasyon ng bisa ng edukasyong Amerikano sa mga manunulat na Pilipino (panahon ng panggaya, panahon ng aprendis, panahon ng ehersisyo sa wika at pagsulat); at iba pa.

Huling hakbang ng Filipinong Pananaw ang pagsusuri ng panitikan gamit ang mga pamantayang makabansa. Nangangahulugan ito ng pagbasa sa panitikang-bayan nang higit sa isang panitikang-bayan kundi “bilang bahagi ng pambansang pamana, isang uri ng sinaunang kodigo na maaaring makapaghimaton ng isang kaalaman o katangian na magpapalugos sa pagkatanto ng isang Pilipino sa kaniyang sarili bilang Pilipino (Almario, 2010).” Isang halimbawa ng katutubong paraan sa pagsusuri ng panitikan na ipinapanukala ni Almario ang “Bagong Pormalismong Filipino” na sinimulan niyang dalumatin noong Dekada 80.

Ang Talas Journal ay isang pagbabalik sa lansangan at nayon ng sariling bayan upang galugarin ang mga kaalamang pangkultura at pansining na umiiral sa iba't ibang panig ng bansa. Tanghalan din ito ng piling mga panitikang nakaugat sa samo't saring wika, realidad, karanasan, konteksto, at pakikibaka. Hindi lamang ito hikayat sa mas malalim na pagkilala sa kaakuhan bilang Pilipino, paanyaya din ito sa pag-angkin sa mga tampok na saliksik at panitik sa panunuri, pakikipagdiyologo, pakikipagtalo, o pagpapalawig sa mga ito. Mula sa palitang-diskursong ito, inaasahang bubukal ang mga bagong perspektiba, higit na kritikal na pagsusuri, at mas malalim na pagpapahalaga na lalong magpapayaman sa Filipinong Pananaw. Gayunpaman, nilalampasan ng dyornal ang mga hangganan ng mungkahing pagbuhatan ng Filipinong Pananaw dahil hindi lamang ito hahanguin sa loob ng sariling-bayan kundi maging sa ibang bayan upang maunawaan kung paano ito nakikipagtalaban sa mas malawak na daigdig.

Sa kaniyang saliksik na “**Si Bautista sa Pasalitang Tunggalian: Pagsusuri sa Balagtasanan at Bagsakan Gamit ang Words and Battlefields ni Cirilo F. Bautista,**” ginamit ni Sara Mae San Juan-Robin ang teorya ng Toreng Goma ni Bautista upang suriin ang estetika ng tradisyonal na balagtasanan at ng modernong bagsakan. Nakita niya sa mga halimbawang ito ng pasalitang pagtatalo ang manipestasyon ng mga metaporang para kay Bautista ay nagpapatangi sa pagtula: (1) ang pagsulat sa tubig, (2) ang pagdalisay upang maging lantay na ginto, at (3) ang paghihintay sa pagputi ng uwak.

Inugat ni Vivienne S. Monta sa kaniyang pag-aaral na “**Dancing with Significance and Passion: The Contributions of Ballet Philippines to Philippine Dance and Culture**” ang kasaysayan at pag-unlad ng Ballet Philippines mula nang itatag ito ni Alice Reyes – kalauna’y naging Pambansang Alagad ng Sining para sa Sayaw – noong 1969. Hindi lamang naging tagapagbandera ang Ballet Philippines ng talentong Pilipino na kayang sumabay sa mundo, binigyan din nito ng katutubong pagkakakilanlan ang mga indak at galaw na itinatanghal nito, klasiko man o kontemporaneo.

Mga simulain at sining naman ng pangkat na Gintong Silahis ang tinalunton ni Davidson G. Oliveros sa kaniyang saliksik na “**Gintong Silahis: Shedding Light and Hope Through Theatre.**” Mula sa panahon ng mga Amerikano, naging kasangkapan na ang teatro sa pagmumulat sa bayan – bagay na ipinagpatuloy ng Gintong Silahis sa Panahon ng Diktadura nang itatag ito bilang sangay pangkultura ng Samahang Demokratiko ng Kabataan na nagsagawa ng mga dula kasabay ng mga protesta at pagkilos sa lansangan. Sinuri ni Oliveros ang dramaturhiya ng pagtatanghal ng Gintong Silahis na naglahok ng tula, sayaw, at musika sa karaniwang pag-arte upang lalong maging makamasa at progresibo.

Ikinapit ni Mark Glenn L. Tejada sa kaniyang pag-aaral na “**Dance and Musical Rendering of Padaraw Festival**” ang nasabing pagdiriwang ng Bulan, Sorsogon sa mas matibay na katutubong salalayan nang lumikha siya ng mga kasangkapang pansayaw at pangmusika para rito hango sa kontekstong lokal. Kung dati ay ginagagad lang ang mga indak at galaw mula sa kapistahan ng ibang bayan sa Pilipinas at hinahango ang tugtuging inilalapat mula sa labas ng bansa, nakipagkolaborasyon ang mananaliksik sa mga Bulaneño upang makalikha ng sayaw at musikang higit na sumasalamin sa kanilang kultura at pamumuhay bilang isang pamayanang nasa baybayin.

Napatunayan nina Samantha Andre V. Torres at André Lorenz Bituin Feria sa kanilang saliksik na “**Reimagining the Philippine Music Classroom: Towards a Decolonized Future**” ang patuloy na pag-iral ng mga estrukturang kolonyal maging sa mga klase sa Musikang kanilang inobserbahan. Sa halip na maging lunan ng pagkilala at pag-angkin sa sariling

kultura, nagiging espasyo pa ang mga paaralan sa pagtiwalag sa katutubong sining dahil sa mga nilalaman, pamamaraan, maging wikang panturong nakasandig sa mga pamantayang inangkin mula sa mga mananakop. Nananawagan sina Torres at Feria ng paglansag sa mga estrukturang kolonyal sa mga klase sa Musika sa pagpapaloob ng mga tradisyon ng musikang sariling atin sa kurikulum ng pormal na edukasyon.

Sa kaniyang papel na **“Ang Representasyon ng Pilipinas sa ASEAN Culture House: Pambansang Kultura, Rehiyonal na Identidad, at Kultural na Diplomasya sa ASEAN”** sinuri ni Gerard P. Concepcion ang pagtatampok sa Pilipinas sa loob ng ASEAN Culture House (ACH) sa Busan, South Korea mula sa lente ng identity politics at critical museology. Sa pag-aaral niya sa mga biswal, materyal, at performatibong eksibit ng Pilipinas sa ACH, namalas niya kung paano ipinakikilala ng Pilipinas ang sarili nito gamit ang mga representasyong sadya nitong pinili mula sa mayaman nitong balon ng pambansang identidad habang nakikiangkop sa mas malawak na pamayanang internasyonal na kinabibilangan nito. Nasundan ni Concepcion kung paano hinuhubog ng diplomasya at usaping kapangyarihan ang mga representasyong kultural na itinatanghal ng isang bansa sa isang espasyo kung saan kasalo niya ang ibang nasyon.

Ipinipinta ng **“Lima Ka Binalaybay Halin sa South Cotabato,”** isang katipunan ng limang tulang Kinaray-a, ang tahimik na pamumuhay ng mga katutubo. Isinasalaysay ng mga nakatatanda ang kuwento ng kanilang lipi sa nakababatang henerasyon, nabubuhay ang tao mula sa biyaya ng kalikasan, tuloy-tuloy ang paghahabi ng T’nalak. Gayunpaman, dahil sa walang-hanggang kasakiman ng tao na mins’y kinakasangkapan pa ang mga puwersang dapat ay nangangalaga sa mga mamamayan, laging may banta ng karahasan at pangangamkam ng lupang ninuno sa mga katutubo.

Pagpupugay sa mga mananaliksik na nagbahagi ng bagong kaalaman at sa mga manunulat na nagbukas ng kanilang malilikhaing akda sa Talas 9, natanggap man o hindi ang mga papel. Mag-ambag nawa ang pitong artikulo ng isyu sa patuloy na pag-unlad ng Filipinong Pananaw na lalong magpapatanto sa atin kung sino tayo bilang mga Pilipino (Almario, 2010).

Alvin Ringgo C. Reyes

Si Bautista sa Pasalitang Tunggalian: Pagsusuri sa Balagtasang at Bagsakan Gamit ang Words and Battlefields ni Cirilo F. Bautista

*Sara Mae San Juan-Robin
Far Eastern University*

Abstrak

Noong taong 1998, inilathala ang aklat ni Cirilo F. Bautista na pinamagatang *Words and Battlefields: a Theoria on the Poem*. Dito ginamit niya ang lantay na ginto upang ipaliwanag ang kalikasan ng tulang Pilipino: lista sa tubig, lantay na ginto, at pagputi ng uwak. Sa ganitong gana, nilalayon ng papel na ito na tuklasin kung paano magagamit ang mga paliwanag ni Bautista sa pagsusuri ng mga pasalitang tunggalian. Partikular na pagtutuunan ng pansin ang Balagtasang mula sa Klasikal na Tradisyong, at ang Bagsakan o Freestyle Rap Battle sa Modernong Panahon.

Natuklasang ang paglilista sa tubig ay nagkaroon ng mga praktikal na manipestasyon sa pasalitang tunggalian, lalo na sa aspekto ng kontra-punto/rebuttal at sa paghihintay ng panahon ng pagbigkas ng mga kalahok. Ang lantay na ginto naman ang makapag-uugnay ng teksto sa kaisipang bayan, o ng itinatanghal sa pasalitang tunggalian sa mga manonood nito at maging sa kalakhang madla. Ang pagputi ng uwak naman ay pumapatungkol sa sining ng paggamit ng salita at paghulagpos ng mga kahulugan. Makikita ito hindi lamang sa paglalaro ng kalahok sa mga kahulugan sa loob ng kaniyang mga talinghaga, kundi sa pagtatangka din ng manonood na hulihin ang pinakakahulugan sa kaniyang natutunghayan.

Sa huli, mapatutunayang ang teorya ni Bautista tungkol sa tula ay kakikitaan ng aplikasyon sa dalawang nabanggit na sining. Gayundin, sa kabilang banda ay magagamit ang kaniyang teorya sa pagbibigay-suri sa mga piyesa ng labanan ng iba-ibang pasalitang tunggalian.

Mga Susing Salita: Rubber Tower, Balagtasang, Bagsakan

Panimula at Metodo

Taong 1998, inilathala ang aklat ni Cirilo F. Bautista na pinamagatang *Words and Battlefields: a Theoria on the Poem*. Ginamit niya dito ang metapora ng Toreng Goma¹ upang ipaliwanag ang iba't ibang katangian ng tula. Ayon sa kaniya, bawat makata ay may Toreng Goma sa isipan. Sa totoo lang, bawat tao nga raw ay mayroon nito sapagkat “ang tao ay manipestasyon ng tula²”, at kaya nga lamang ang iba ay tuluyang nagiging makata at ang iba ay hindi dahil “napapaguho ang tore ng mga walang wawang bagay³”. Gayundin, gumamit siya ng tatlong idyomang Pilipino para ipaliwanag ang mga katangian ng mga tula: isulat sa tubig, lantay na ginto, at pagputi ng uwak.

Sa papel na ito, bibigyang-pansin ang mga pasalitang tunggalian at ipaliliwanag kung paano nga ba nagiging angkop ang paliwanag ni Bautista gamit ang tatlong idyoma sa mga tulang nabubuo sa gitna ng mga duwelong pasalita. Kaugnay sa mga ideyang “Ang pagnanasang pumatay ang mismong puwersang nagbubunsod ng tula⁴”, “lahat ng tunggalian ay tunggalian ng salita⁵”, at ng mismong pamagat ng teorya na tumutukoy sa “battlefields” o lugar ng labanan, natural lamang na bigyang-pansin at kaipala’y himayin kung paano nga ba mas mauunawaan ang teorya ng Toreng Goma sa mga sining na nagtatampok ng tuwirang tunggalian sa pagitan ng mga taong gumagamit ng mga salita bilang sandata. Hindi naman ito dulot ng pagiging literal, bagkus ng likas na katanungang dulot ng teorya ni Bautista: kung lahat nga ng tula ay bunga ng tunggalian, ano ang maiiba kung ang tulang naturan ay mula mismo sa mga sining na sadyang nagbubunsod ng tuwirang sagutan?

Para sa papel na ito, bibigyan ng partikular na atensiyon ang dalawang sining ng pasalitang tunggalian: ang Balagtasian at Bagsakan. Narito ang ilang pangunahing kaalaman tungkol sa mga nabanggit na sining. Ginanap ang unang Balagtasian upang parangalan ang anibersaryo ng kaarawan ni Francisco Balagtas, at inihulma sa laro ng duplo na isa ring laro ng patulang salitaan na karaniwan namang isinasagawa sa mga lamay ng patay⁶. Kabilang sa estetika nito ang pagkakaroon ng tagapagpasinayang tinatawag na Lakandiwa, at dalawa o higit pang kalahok na iba-iba ang isinusulong na opinyon tungkol sa isang tiyak na paksa. Pinagpapasyahan ang mananal sa pamamagitan ng palakpakan o desisyon ng mga hurado, na siya namang inaanunsiyo ng Lakandiwa. Sa kabilang banda, ang Bagsakan o freestyle rap battle ay isang laro ng pasalitang tunggalian na nagmula sa Estados Unidos⁷. Nagmula ito sa *snappin* na isang laro ng laitan na maiiugat sa mga Aprikano-Amerikano sa panahon ng kaalipinan⁸. May emcee na tagapagdaloy ng laban (karaniwang prodyuser din), tagabantay ng oras o *timekeeper*, at dalawa o higit pang MC na maglalaban. Walang tiyak na paksa ang Bagsakan kaya’t patalon-talon bagaman sa kabuuan ay may mga paboritong tema. Tinatayang mainam na gamiting mga halimbawa ng mga pasalitang tunggalian ang Balagtasian at Bagsakan sapagkat pawa silang nama(ma)yagpag sa kani-kaniyang panahon. Gayundin, higit na makatutulong sa gagawing

pagsusuri kung ang isang halimbawa ay galing sa Klasikal na panahon habang Moderno naman ang isa, o ang tinatawag nga ni Almarino na Balagtismo at Modernismo.

Para sa gagawing pagsusuri, ilalapat sa dalawang sining ng pasalitang tunggalian ang tatlong idyoma na ibinahagi ni Bautista sa pagpapaliwanag ng kaniyang teorya. Pag-aaralan ang estetika ng dalawa sa pamamagitan ng “lista sa tubig”, ang pilosopiya o paninindigan sa “lantay na ginto”, at ang siste at penomenon ng pagtatanghal sa “pagputi ng uwak”. Kung gayon, gamit ang mga paliwanag ni Bautista, paglilimian ang mga sumusunod na tanong:

Ano ang praktikal na manipestasyon ng metapora ng paglilista sa tubig sa pasalitang tunggalian? Ano ang pilosopiya at paninindigan sa likod ng lantay na ginto? Paano ito naiuugnay sa karunungan-bayan? Paano maiuugnay ang konsepto ng pag-puti ng uwak sa penomenon ng pasalitang pagtatanghal at sa paggamit ng mga salita dito?

Ilang Paglilinaw

Upang mas madaling maunawaan ang daloy ng talakayan sa papel na ito, kinakailangang mailatag kung ano ang gamit ng mga terminolohiyang tiyak sa papel. Gayundin, ilalatag ang ilang mga bagay na kailangang paunang maunawaan o tanggapin sa ikadadali ng pag-unawa sa saliksik.

Mga Terminong Gagamitin Kung Tutukuyin ang Dalawang Sining ng Pasalitang Tunggalian	Depinisyon	Mga Terminong Gagamitin Lamang Upang Tukuyin ang Balagtasan	Mga Terminong Gagamitin Lamang Upang Tukuyin ang Bagsakan
Kalahok	Taong kasali sa tunggalian, tuwirang kaduwelo kaya hindi kabilang ang tagapagpasinaya	Makata	MC
Tagapagpasinaya	Taong magpapadaloy ng laban	Lakandiwa	Emcee
Kalaban	Taong kasagutan ng kalahok at may ibang panig sa kaniya	Katunggali	Kaduwelo

Sa unang hanay ng tsart makikita ang mga terminong gagamitin sa pagtukoy ng mga taong kasangkot sa dalawang sining ng pasalitang tunggalian. Kumbaga, ito ang pambalanang pangalan na gagamitin. “Kalahok” ang napiling pangkalahatang tawag sa mga kasali sa pasalitang tunggalian, habang “makata” ang itatawag natin sa kalahok sa Balagtasan at “MC” naman sa Bagsakan. Gayundin, kapuwa ang “Lakandiwa” ng Balagtasan at ang “Emcee” ng Bagsakan ay papailalim sa katawagang “Tagapagpasinaya”. Sa Bagsakan, magkaiba ang MC sa

emcee sapagkat ang emcee ay iyong karaniwan na “master of ceremonies” sa mga programa habang ang MC ay iyong mga rapper na maaari pang ipangkat sa tatlo: battle MC (na siyang sumasali sa Bagsakan), club MC (o jockey), at freestyle MC⁹. Sa huli, bagaman arbitraryo, gamit naman ang “katunggali” para sa katalo o kadebate sa Balagtasán, habang “kaduwelo” ang katumbas na termino para sa Bagsakan. Kung parehas ang tinuturan, gagamitin ang salitang “kalaban”. Sa ganitong paraan mas madaling mauunawaan kung alin at sino ang tinutukoy sa kahabaan ng papel.

Ngayon naman, narito ang tatlong bagay na kailangang maunawaan at/o tanggapin upang umusad ang diskusyon tungkol sa kung paano lumalapat ang mga idyomang ipinaliwanag ni Bautista sa Balagtasán at Bagsakan. *Una: tulad ng mga piyesa ng Balagtasán, tula ding maituturing ang mga nabubuong piyesa sa Bagsakan.* Sa katunayan, ang eksaktong kalikasan ng sining ng Bagsakan ay naging paksa na ng debate mula nang mapukaw nito ang atensiyon ng akademya. Sapagkat binansagang “modernong Balagtasán”¹⁰, tila napataas ng kilay ang ilang mga iskolar ng Panulaang Pilipino kaya nabigyan ng mas masinsing pag-aaral ang sining na ito. Ayon sa panayam sa History with Lourd noong 2018, si Michael M. Coroza at mismong ang prodyuser ng Fliptop na si Anygma ay nagsabing hindi nga raw ito maituturing na modernong Balagtasán. Gayunpaman, ipinaliwanag ni Pambansang Alagad ng Sining Virgilio S. Almario na ang rap battle ay sumasailalim sa modernong paraan ng pagtula. Kung gagamitin nga naman ang apat na karaniwang panukatan ng pagiging tula: sukat, tugma, talinghaga at kasiningan ay talagang hindi magkukulang dito ang mga piyesa ng Bagsakan. Ang mga agam-agam marahil ay nagmumula sa pagiging pasalita nito; hindi nakikita ang teksto kaya hindi malaman kung paberso o patuluyan kung ililimbag. Dito naman ay si Bautista mismo ang may paliwanag. Sa pamamagitan ng isang halimbawang ibinahagi niya sa ikalawang kabanata ng kaniyang aklat, ipinakita niya na wala talagang sariling porma o anyo ang tula. Mambabasa o tagapakinig ang nagdidikta kung ito ay magmumukhang tula o akdang tuluyan sa kalalabasang pasulat na bersiyon.

Ikalawa: ang live na bersiyon ng pasalitang tunggalian ang pinakasuperyor na bersiyon sapagkat unang-una ito ay ginawa sa paraang pasalita. Maraming pahayag na tinuran si Bautista na sumusuporta sa pagiging mas mainam ng pasalitang bersiyon ng tula kung ihahambing sa pasulat. Ayon sa kaniya, “Sa patinigan isinilang ang tula¹¹” at ang tinig ang likas na pinagmumulan at natural na midyum nito. Gayundin, naniniwala siya na nagagahum ng paglilimbag ang tula, “Ang diktadurya ng teksto - ang diktadurya ng pagkakalimbag - kapapanabik man para sa mga mata; gayunpaman hinahadlangan nito ang pakikipagsapalaran ng tula sapagkat ang mga hangganan nito ay hindi naiuusog.”¹² Sa huli ang lubos na mapaninindigang pahayag, “Hindi ba at malinaw, sabi ng Toreng Goma, na nakalalamang ang tulang pabigkas sa tulang pasulat”¹³. Kaya naman, bagaman makahahapan ng mga itinala o inilimbag na kopya ng mga pasalitang tunggalian, pinakamainam pa rin kung natunghayan ang unang bersiyon

na maituturing na pinakapurong danas. Iyon nga lamang, gawa ng hindi ito magagawa para sa Balagtasán, minsan ay kailangang magtiyaga sa naitalang teksto. Mas mabuti nang kaunti ang kalagayan ng Bagsakan sapagkat laganap ang mga bidyo nito sa internet, ngunit hindi pa rin matatawaran ang karanasan na makapanood nito sa mismong lunan ng pinagganapan.

Isulat sa Tubig

Sa kaniyang aklat, ginamit ni Bautista ang idyomang “isulat sa tubig” upang kumatawan sa estetika ng panulaan. Sa kamalayang Pilipino, sinasabing dapat isulat sa tubig ang isang bagay kung hindi na ito dapat alalahanin. Sa kaniyang paliwanag, ang kaisipang ito ay tumutukoy sa estado ng gumagawa ng tula kung saan nangyayari ang “pag-aantala ng tunggalian ng obligasyon at tuluyang pagsuko”¹⁴. Isa itong pahayag na sumasalamin sa tunggalian dahil sa pagkakaipit ng manunulat sa pagitan ng kayang atas at ng hatak ng daluyong ng panahon nabubuo ang tula. Dagdag pa ni Bautista, (ang Pilipino ay) “nailigtas ng kaniyang mapagdudang isip mula sa panganib ng pagkaalipin at nagtataglay ng mapagtimping pagdadalisay ng lakas na nagpapahiwatig ng kalakasan sa kapusukan.” Bagkus, dito makikita ang tunggalian sa loob ng manunulat, sapagkat nagsasabay sa kaniyang pagkatao ang pagiging mapagtimpi at gayundin ang pagiging mapusok.

Kung iuugnay sa kaso ng pasalitang tunggalian, ang bawat kalahok, bilang kumakatha ng tula sa pagkakataon ng pagsalang, ay nagdaraan din sa ganitong estado ng pagkaipit sa pagitan ng obligasyon. Bilang mga kalahok na may kinakatawang mga panig, kailangan nilang panindigan ang kanilang mga ipinaglalaban kahit na sa totoo lang ay nakikita nilang may punto naman ang tinutukoy ng kanilang kalaban. Sa pagkaipit na ito sa pagitan ng pangangailangang makasagot nang higit na mahusay at pagkarahuyo sa sinasabi ng kalaban masasabing ipinapanganak ang pinakamahuhusay na kontra-berso (sagot sa Balagtasán at tinatawag namang *rebuttal* sa Bagsakan).

Sa Balagtasán, nilalayon ng makatang mapabulaanan o sansalain ang sinabi ng katunggali, na isang kasanayang bukod pa sa pagbuo ng mga bersong susuporta sa kaniyang panig. Ang mga handang sulat nilang berso ay maikokompara sa mga baraha na nasa gumagamit kung magiging maganda ang kalalabasan o hindi; at ang higit na bisa ay nasa husay ng makata sa pagdedesisyon kung kailan ilalabas ang aling berso at alin ang iipitin para sa ibang pagkakataon niyang makapagsalita. May mga makatang lubos na naghahanda ng kanilang mga sasabihin, ngunit mayroon din namang naghahalo ng mga binaong isinulat at mga bersong naisip lang sa mismong panahon ng pagtatanghal. Bagaman may paksa kaya maaari namang maghinuha ng mga karaniwang punto at kontra-punto, hindi pa rin masasabing mahuhulaan itong lahat bagkus ay hindi lubusang mapaghahandaan. Sa mga pagkakataong may masasabi ang katunggali na hindi inaasahan ng makata, makikita niya ang sariling naiipit sa obligasyong ipagtanggol

ang kaniyang panig kahit na inaaanod ng husay ng berso ng katunggali. Sa puntong ito, may dalawa siyang pamimilian: ang una ay gamitin ang inihanda niya at hindi sagutin ang sinabi ng katunggali, o ang ikalawa at mas matapang na opsiyon na kumatha, sa pagkakataon ding iyon, ng bersong pansansala.

Sa kabilang banda, dahil walang tuwirang paksa sa Bagsakan ay kambal ang hirap o dali sa pagsansala sa mga laban nito. Madali kung tutuusin dahil wala ngang tuwirang paksa at maraming pagpipiliang taktika, ngunit sa kabilang banda ay mahirap din dahil lalong halos imposibleng mahulaan kung ano ba ang mga eksaktong ibabato ng kaduwelo sa isang MC. Katulad ng karaniwang digmaan, marami sa mga MC ay gumaganti sa opensa ng kanilang pansariling opensa. Gayunpaman, isang tunay na talento ang pagiging mahusay sa *rebuttal*. Kung ihahambing sa estilong pagsansala na mayroon sa Balagtasán, iba naman ang proseso ng pagbuo ng isang mabisang *rebuttal*. Ang pagpapabulaan o tuwirang pagsansala sa sinabi ng kaduwelo ay hindi karaniwan sa Bagsakan. Sa halip, ang kanilang pamamaraan ay maihahambing sa *accept-reject rule* ng *improvisational comedy*¹⁵. Dito, kailangang tanggapin muna ng MC ang anumang sinabi ng kaduwelo, pagkatapos ay paikutin sa paraang papabor sa kaniya o magmumukhang mas masahol naman ang kalaban. Kung tutuusin, maihahambing ito sa biswal ng isang bangkang nagpatianod sa ilog ngunit bigla na lamang hihinto at kokontra sa agos dala ng sariling gana.

Gayundin, sa parehong sining makikita, kahit sa paraang paimbabaw, ang ipinaliwanag ni Bautista tungkol sa pagkakaroon ng Pilipino ng “mapagtimping pagdadalisay ng lakas na nagpapahiwatig ng kalakasan sa kapusukan”. Sa Balagtasán man o sa Bagsakan, makikita sa bawat kalahok ang paggalang sa oras ng pamamayagpag ng kalaban. Bagaman may tinitimping gigil ay hindi sila sumasabat. Sa halip, ginagamit nila ang panahon ng pananahimik, ang sandali ng pagkakaipit sa agos at paninindigan, bilang likas na paghuhugutan ng bagong aanaking berso. “Bilang kalipunan ng salita, nanunulay ang tula sa pagitan ng paglaganap at pagkapigil.”¹⁶ Ngunit huwag di lamang ibalik sa kanila ang atensiyon at huhulagpos ang mga salitang kanina pa pinipigil at ang mga iyon ay aanurin kapagka sa agos ng tubig.

Kaugnay nito, binanggit din ni Bautista na “Ang pagsulat sa tubig ay katumbas ng pagnanasang pawin ang mga salita bago pa man sila umiral.” Sa parehong sining, makikita ito sa pagnanasa ng bawat kalahok na bigkas ang kanilang saloobin; ang pagtatala nito sa paraang mas permanente ay winawalang-halaga kung hindi man ay sekondarya lamang. Sa Balagtasán man o sa Bagsakan, mas pinahalalagan ang pagkakataong maibahagi nang pabigkas ang mga kaisipan at saloobin; kung hindi din lang ganoon, mas pipiliin na siguro ng Balagtisista na sumulat ng tulang maaaring maipalimbag at ng MC ng isang awit na maaaring maisaplaka. Sa kanilang paglahok sa kani-kanilang mga sining, may kamalayan ang mga makata at MC na may posibilidad na hindi maitala para sa hinaharap ang kanilang mga piyesa, ngunit hindi nila ito alintana dahil mismong nakapaloob sa mga sining ng Balagtasán at Bagsakan ang

pagkatha sa kasalukuyan. Sa isang kabalintunaan naman, kung ano pa ang hindi nasusulat at narinig lamang ang siyang tumitimo sa isip ng mga nakaririnig. Tinatayang malaki ang papel na ginagampanan ng angkop na pagkakapili ng mga salita at lalo ng husay ng tugma sa pagkapit ng mga sinabi ng mga kalahok sa memorya ng mga nakamalas sa pagtatanghal.

Sa Bagsakan, may partikular pang interpretasyon ang pagpawi ng salita bago pa umiral. Bahagi ito ng kanilang estetika at pilosopiya. Sa bawat laban, inuukilkil sa utak na anumang masabi ay dapat manatili sa entablado at hindi kikimkimin o dadamdamin manapa ay igaganti sa ibang pagkakataon (maliban na lang kung sa entablado muli). Hindi kinakailangang ipaalalang tuwina ang patakarang ito sa mga taong may kinalaman sa kanilang ginagawa, bagkus ito ay “nakalista rin sa tubig”. Kung ano mang pagkapikon o sama ng loob ang maramdaman habang nakasalang sa entablado ay hindi maaaring iuwi, bagkus ay kailangang ipaanod sa kawalan dahil sa ganitong sistema nananatiling buhay ang kanilang sining. Kailangang panatilihin ng bawat isa ang ganitong paraan ng pag-iisip sapagkat hindi makatutulong sa kanilang sining kung may mapapabalitang mga awayan o sakitan sa kani-kanilang mga panig. Ang paglilista sa tubig ng mga paratang at iba pang masasakit na sinasabi ay isang bahagi ng kanilang pamumuhay na maaaring hindi lubusang naiintindihan ng mga tagalabas.

Lantay na Ginto

Kung ang lista sa tubig ang kumakatawan sa estetika ng panulaan, sa lantay na ginto naman “sinusuri ng teksto ng kaluluwa ang teksto ng bayan”. Sa ideang ito, ang tula ay hinahayaang pumailanlang at tinatanaw gamit ang kaisipang-bayan. Pinupuro ito at pinapanday sa pamamagitan ng pagkakadarang sa init ng enerhiya ng kapuwa tula, habang ang partikular na tulang iyon at ang iba pang sanlaksang tula ay sabay-sabay ring pinadadalisyay ng mga elementong nagtulong-tulong upang mabuo ang bayan. Ika nga ni Bautista¹⁷, “Itinakda ng kultura ang lahat ng tula, ang katotohanan ng panahon nito ay nananahan sa panahon ng katotohanan nito” at “ang tula ay tuwirang nakasandig sa iba pang tulang umiiral kasabay niya.” Sa pakikipagtunggalian ng tula sa iba pang tula, lalo itong lumalakas¹⁸. Sa huli, sa pamamagitan ng pagtatagpong ito, ang tula ay magiging lantay na ginto.

Sa una, maaring maipagpalagay na hindi lantay na ginto ang mga bersong nagmumula sa pasalitang tunggalian dahil nga may mga bersong sa pagtatanghal lang mismo naisip. Ngunit tulad nga ng sinabi ni Bautista, sa konsepto ng lantay na ginto ay kailangan nang isaalang-alang ang bayan. Ang kainaman sa mga pasalitang tunggalian ay kaharap mismo ng mga kalahok ang bayang kanilang tinutulaan. Dahil dito, ang bawat bigkas nila ay kaagad dumaraan sa nasabing pagdadalisay. Nakatutulay ba ang kalahok sa pagitan ng ibig niyang ipahayag at nauunawaan ng madlang manonood? Totoong may pinagkaiba ang katanggap-tanggap na kostumbre para sa manonood ng Balagtas kumpara sa Bagsakan, ngunit kahit man lamang sa internal na aspekto ay may pagkakapareho ang mga karanasan nila; kapuwa sila nagmamalas ng pasalitang

tunggalian. Ang proseso kung tutuusin ay pareho lamang: makikinig sila, nanamnam ang salita, pag-iisipan at gagapin kung ano nga ba ang nadama at naisip nila patungkol dito. Nangyayari ang mga hakbang na ito sa loob ng ilang sandali lamang, dahil paghigit lamang ng hangin ang pahinga ng bumibigkas man o nakikinig. Sa huli (habang kulong nga ng nabanggit na kani-kaniyang kostumbre), ipahahayag ng mga manonood ang kanilang saloobin. Kaugnay nito, binanggit din ni Bautista na sa ilalim ng konsepto ng lantay na ginto, ang tula ay dumaraan sa exegesis. Gayon nga sa pasalitang tunggalian; habang nakikinig, bumubuo ang manonood ng interpretasyon para sa tekstong hindi teksto, sa mga bersong hindi lamang nila binabasa sa patay na pahina sapagkat kasalukuyang dinaranas sa mga pagkakataong iyon.

Sa Balagtasán, una pa lamang ay mamimili na ang mga kalahok ng mga paksang sa palagay nila ay papatok sa panlasa ng madlang tapagakinig. Ang paunang interes tungkol sa paksa ay masusukat kung marami ang darating na manonood; makikita na kung nagtutugma ang kaisipan ng mga makata sa kaisipan ng bayan, o kahit iyon man lamang madlang kumakatawan ng bayan. Sa kanilang pagtatanghal ng piyesa, may mga pagkakataong hindi maiwasang magbigay ng reaksiyon ng mga manonood, kahit man lang sa paraang di-berbal lalo sa ekspresyon ng mukha. Dito na pumapasok ang sinasabing kostumbre, hindi naman kasi katanggap-tanggap sa Balagtasán na guluhin ang mga makata sa pagbigkas sa pamamagitan ng paglikha ng ingay. Gayunpaman, sa maraming pagkakataon ng Balagtasán (na pinatutunayan ng mga piyesa nito), ipinahahayag ng Lakandiwa na ang mga manonood ang bahalang humusga; kung ito man ay sa pamamagitan ng sari-sarili nilang palagay o sa palakasan ng palakpak. Bagaman may mga pagkakataon din na gumamit ng hurado sa Balagtasán, sa pamamagitan ng maraming iba pang pagkakataon na hinahayaan ang taong humusga ay masisilayan ang paggalang ng mga kasali sa sining na ito sa opinyon ng bayang tinutulaan. Sa pamamagitan ng pagsipot sa mga Balagtasang may paksang malapit sa puso at pamimiling palakpakan nang mas malakas ang makatang kapareho nila ng palagay, naipahahayag ng bayan kung ano ang laman ng kanilang isipan.

Gayundin naman, may mataas na pagpapahalaga rin ang mga kasali sa sining ng Bagsakan sa opinyon ng madla na kumakatawan sa bayan. Bawat MC ay gumagawa ng paraan upang masigurong ang mga babanggitin nilang *reference* (mga halimbawa o ilustrasyon) ay pamilyar sa nakararaming manonood. Gayundin, sinisiguro nilang ang mga talinghagang gagamitin ay tutulay sa pagitan ng matayutay at maiintindihan. Higit sa anupaman, ang ganitong gawi ng mga MC ay nakakawing sa kanilang pamamayagpag. Kung may pagpipigil kasi ang mga manonood ng Balagtasán, iba naman sa Bagsakan sapagkat mas malaya ang mga manonood na ipahayag ang kanilang mga saloobin. Puwede silang pumalakpak, magpapadyak, humalakhak, humiyaw at lumikha ng anumang ingay na kanilang naisin kahit sa gitna ng berso ng MC. Kaya naman, likas at madalian nilang naipararating sa MC kung naibigan nila ang sinabi nito o hindi. Sa ganitong paraan, maaaring ikambyo ng MC ang ganyang berso kung napapansin

niyang hindi niya napupukaw ang interes ng mga manonood. Sa pamamagitan ng mga dagliang reaksiyon, napapanday rin patungong lantay na ginto ang nilalaman ng mga berso ng mga MC.

Kung pakasusuriin, talaga namang may pagkakaiba ang komposisyon ng mga tumatangkilik sa Balagtasán at Bagsakan. Dahil kadalasan ay pambansang mga usapin ang pinag-uusapan sa Balagtasán, mas malawak kung tutuusin ang maaari nitong pagmulan ng tagapanood. Sa kabilang banda, dulot na rin ng estetika at kasaysayan ng sining na ito, kabataan naman na may sadyang hilig na rin sa genre ng hiphop ang nahahatak ng Bagsakan. Gayunpaman, gaano man kaliit o kalaki ang komposisyon ng manonood, sila ang maituturing na bayan ng mga kalahok. Maiugnay dito ang konsepto ng “imagined communities” ni Benedict Anderson¹⁹. Batay sa ganitong depinisyon ng bayan, ang kabuuang tumatangkilik sa Balagtasán at ang kabuuang parokyano ng Bagsakan ay kapuwa may kani-kaniyang konsepto ng bayan, na masasabi nilang sila ang sentro. Kapuwa aaariin ng mga sumusubaybay sa mga sining na ito na ang mga nilalaman ng mga sining na ito ay may malalim na kaugnayan sa kasalukuyang interes ng bayan (bayan bilang kabuuan, o Pilipinas). Hindi naman nila inaaako na lahat nga o kahit ang mayorya ng mga mamamayan sa Pilipinas ay kapanalig nila, sa halip mas tamang sabihin na naniniwala ang mga nagsasagawa maging ang mga tumatangkilik ng mga sining na ito na hawak nila ang zeitgeist o ang manipestasyon nito sa pambansang antas.

Pagputi ng Uwak

Sa ikatlong idyomang ginamit ni Bautista²⁰ sa kaniyang tesis, ipinaliwanag niya ang konsepto ng pagputi ng uwak bilang “kapangyarihan ng Pilipino na pagkalasin ang mga realidad sa pamamagitan ng pagpapalaya ng mga salita sa mga pinusod nito.” Sa gayon, sakop ng kontekstong ito ang mga bagay na maaaring may kinalaman ngunit hindi lamang limitado sa mga sumusunod: literal at piguratibong kahulugan, kasingkahulugan, konteksto, subteksto, interteksto, salungatan, pabiro, sarkastiko, kawangis, katunog at iba pang pakahulugan. Ika nga ni Bautista “ang tao ay manipestasyon ng salita”. Gayunpaman, ang mga mahuhusay, ang mga nilalang na pinagpalang mangunypit sa Toreng Goma ay may kakaibang kakayahan na pamayanihan ang mga salita sa halip na magahum nito. Ang pagputi ng uwak ay umiigpaw mula sa simpleng konsepto ng husay sa paggamit ng salita maging ng lawak ng bokabularyo. Bagkus, nakatuntong ang konsepto ng pagputi ng uwak sa paggagap ng manunulat ng pinakatamang mga salitang gagamitin, maging ng pinakatumpak na mga pagpapangkat na pinakamabisang maglalapit ng kahulugan ng tula sa kaniyang Toreng Goma sa malaong mauunawaan ng makikinig o babasa. Gayunpaman, ang mismong idea sa likod ng pagputi ng uwak ay pumapatungkol sa isang bagay na imposibleng mangyari. Dalawa ang pakahulugan ng “imposibilidad” na ito. Una, sa pamamagitan ng kanilang husay, nagagawa ng manunulat na ibigay ang isang imposibleng kahulugan sa salita dahil nga napalaya niya ito sa inaakalang

kahulugan nito. Ikalawa, tumutukoy din ang pagputi ng uwak sa imposibilidad na tuwirang mapagtugma ang kahulugan ng tula ayon sa kaniyang pag-iral sa Toreng Goma at ang kahulugang lumaya na at inuunawa ng tagapakinig o mambabasa.

Sa pasalitang tunggalian, makikita ang dalawang manipestasyon ng imposibilidad ng pagputi ng uwak. Sandata ng mga kalahok ang husay sa paggamit ng mga salita maging sa pagpapagkit ng bago at iba-ibang kahulugan sa mga ito. Sa mga piling salita ng sumasali sa pasalitang tunggalian makikita ang kawalang katiyakan ng relasyon sa pagitan ng salita at sa inaakala nitong kahulugan. Ang higit na mahuhusay na mga kalahok ay nagagamit ang kalagayang ito sa higit na ikahuhusay ng kanilang mga piyesa. Sa Balagtasán, madalas gamitin ang mga tayutay dala na rin ng estetika ng nasabing sining. Sa Bagsakan naman, malimit ang tinatawag na mga *word play* na karaniwang naglalaro sa kombinasyon ng magkasintunog at iba't ibang lebel ng pakahulugan.

Sa kabilang banda, ang ikalawang manipestasyon ng pagputi ng uwak ay makikita sa relasyon ng manonood at mga kalahok. Tandaang para sa papel na ito, kinikilala ang *live* na pagtatanghal bilang pinaka-superyor na bersiyon ng sining na pasalitang tunggalian. At sapagkat *live* nga, ang pagdaranas sa pagtatanghal ng pasalitang tunggalian ay minsan lamang at laging nasa aspektong pangkasalukuyan. At dahil sa mabilisan at biglaang daluyong ng mga salita, maaasahang hindi lubos-lubusang mapoproseso ng mga manonood ang kanilang mga naririnig. Sa abot ng makakaya ng kalahok, ibinibigay niya lamang ang kayang unawain, ngunit ang pagtanggap at lubusang pagkaunawa ay nakasalalay pa rin sa mga manonood. Bawat taong nanonood ay uuwing may kani-kaniyang interpretasyon sa kanilang natunghayan. Oo at maaaring balikan ang mga tala ng labanan; ang mga talang pasulat o manuskrito (kung mayroon) para sa Balagtasán at ang mga bidyo naman para sa Bagsakan, ngunit ibang danas pa rin ang makapanood nang *live*. May koneksiyon muli ito sa konsepto ng bayan sapagkat ang pagbabalik-tanaw sa laban ay karaniwang isang solitaryong gawain. Sa kabilang banda, sa panonood nang *live* naroon ang manonood kasama ang kinikilala niyang bayan; nalalaman niya kaagad kung sila ay natuwa, namangha o 'di kaya ay nayamot nang sabay. Sa ganitong pagkakataon, nakatutulong ang sabay-sabay na pagtunghay para sa lalong pagpapatibay ng konsepto ng bayan ng mga pangkat ng manonood. Dito pumapasok ang mga dahilang ipinaliwanag ni Bautista kung paano nauunawaan ng nakikinig ang tula: una ay aksidente at ikalawa na mas angkop sa mga ganitong pagkakataon, dahilan sa kultural na paglalapat²¹.

Ngunit dahil nga sa hindi naman lubusan pang masasambot ang buong kahulugan sa *live* o unang danas, at masasabi ring hindi naibabahagi ng mga talang pasulat o pabidyo ang mga kabuuang kahulugan, kailan masasabing lubusang mauunawaan ng manonood ang pasalitang tunggalian? Nagbabago-bago ang tula sa bawat danas kaya minsan kahit nabasa o napanood na, binabalik-balikan pa. Pero dahil wala namang *replay* ang *live* na pagtatanghal, hindi na

mababalikan ang una at pinakapurong danas kaya masasabing ang lubusang pagkaunawa ng tula ay nasa pagputi ng uwak²².

Kongklusyon

Isa sa mga pangunahing paraan ng pagpapakilala ng Pilipinas sa ACH ay sa pamamagitan ng permanenteng galeriya na nagpapakita ng mga tradisyonal na kagamitan. Itinatampok nito ang pagkamalinang at pagkamalikhain ng mga Pilipino, at ang kanilang marubdob na ugnayan sa kalikasan at komunidad. Gamit ang mga materyal na madaling makuha sa kanilang kapaligiran, naitatanghal ng mga Pilipino ang kanilang katutubong tradisyon na nagpapakilala sa Pilipinas na may pagpapahalaga sa likas-yaman at malikhaing pamumuhay. Dagdag din dito ang mga moderno at kontemporaneong sining na itinatanghal sa ACH ng mga Pilipino (e.g., Renee Salud, Patricia Perez Eustaquio, Geraldine Javier, atbp.) na liban sa nagbigay-diin sa talento at malikhaing galing ay naglatag din ng posibilidad ng global na pagkilala sa Pilipinas bilang bahagi ng kontemporaneong sining at kosmopolitanong kultura. Naipakikilala rin ang mga Pilipino sa paraan ng mga makabagong anyo na hindi nawawala ang kaugnayan sa katutubong tradisyon na mahalagang halimbawa kung paano lumalawak ang pambansang identidad ng Pilipinas patungo sa rehiyonal at pandaigdigang larangan.

Samantala, malaki rin ang papel ng mga popular na pista at kultural na selebrasyon sa pagkilala sa Pilipinas sa ACH. Nagkaroon ng pagkakataon ang publiko na maranasan ang kasayahan at kulay ng mga pistang Pilipino. Ang ganitong uri ng representasyon ay nagbibigay-diin na ang kultura ng Pilipinas ay hindi lamang nakapaloob sa mga nakaraan, tradisyonal, relihiyoso, at singkretik na aktibong nakikilahok sa kontemporaneong pagdiriwang at teknolohiya. Nagiging daan din ito upang makilala ang Pilipinas bilang bansang may masigla at masayahing katangian at kalinangan na nakaugat sa diwa ng kapuwa at komunidad. Namamalas din ang ganitong kultura sa mga larawan at relikya ng pang-araw-araw na buhay. Ang ganitong uri ng presentasyon ay nagbibigay ng mas realistiko at malapit na pagtingin sa pambansang identidad na matutunghyan hindi lamang sa malalaking okasyon, kundi sa simpleng anyo ng pang-araw-araw na pamumuhay. Mas nakikilala pang lalo ang mga Pilipino bilang matatag, maparaan, masipag, at may malalim na ugnayan sa Diyos. Sa ganitong paraan, nagiging bahagi ng ASEAN ang karanasan ng karaniwang Pilipino, na nagpapakita ng pagkakatulad at pagkakaiba sa mga karanasan ng iba pang bansa sa rehiyon.

Hindi rin maaaring ihiwalay ang identidad ng Pilipinas sa konteksto ng kolonyalismo at globalisasyon. Ang mga simbolo ng Katolisismo, gaya ng krus, Banal na Pamilya, simbahan, at mga relihiyosong pista ay itinatampok rin sa mga eksibit sa ACH. Ipinapakita nito kung paanong ang Pilipinas, bilang bansang may mahigpit na kasaysayan sa pananakop ng Espanya at impluwensiya ng Amerika, ay nagkaroon ng natatanging hibridong kultura. Ibig sabihin, nagkaroon ng pagsasama ng animismo at Kristiyano, maging ng tradisyonal at modernong kultura. Ang pagkakakilanlan ng Pilipinas samakatuwid, ay hindi monolitiko kundi binubuo ng mga saping-saping karanasan ng pagiging katutubo, kolonyal, at global. Ang representasyong ito ay maaaring magbukas ng diskurso hinggil sa pagiging “authentic” ng kultura, at kung


paanong ang tunay na identidad ay isang produkto ng patuloy na pagbabagong dulot ng kasaysayan at ugnayang internasyonal.

Sa isang banda, ang representasyon ng Pilipinas sa ACH ay nagiging susi sa pag-unawa kung paanong ang pambansang identidad ay nagiging sangkap ng kolektibong rehiyonal na identidad. Ibig sabihin, malinaw na nagpapakita ng masalimuot na ugnayan ng natatanging pagka-Pilipino at ng mga halagahan ng ugnayang panrehiyon na bumabalangkas sa konsepto ng isang ASEAN na komunidad. Isa sa mga malinaw na halimbawa ay ang pagpapakita ng mga hinabing tela mula sa Cordillera at Mindanao, na kung saan ang Pilipinas ay inilalagay sa isang espasyo ng pagkakatulad sa iba pang bansa sa ASEAN na may malalim ding tradisyon ng paghahabi, gaya ng Indonesia at Thailand. Ipinakikita ng ganitong pagkakatulad na ang sining ng paghahabi ay hindi lamang isang lokal na gawi, kundi isang rehiyonal na pamana na kumakatawan sa kasanayan, malikhaing imahinasyon, at koneksiyon sa kalikasan ng mga Asyano. Gayunpaman, ipinakikita rin ng eksibit ang partikular na estetika ng Pilipino, na may masiglang kulay at simbolikong disenyo na nakaugat sa mga kuwento ng komunidad at kasaysayan ng bansa. Liban sa ipinakikita rin ng mga pista ang Pilipinas bilang isang bansang masigla at mapagdiwang ay ipinahihiwatig din ng mga ito ang kasayahan at pagkamalikhain ng mga Pilipino sa harap ng hamon at krisis, partikular kung isasaalang-alang na ang Masskara Festival ay sumibol bilang tugon sa matinding kahirapan noong dekada 80. Ipinahihiwatig din nito ang kahalagahan ng kolektibong pagdiriwang at sama-samang pagkilos (i.e., bayanihan) sa paghubog ng rehiyonal na identidad ng mga Asyano.

Gayunpaman, may natatanging dimensiyon ang Pilipinas sa loob ng ASEAN na nagbibigay ng dagdag na lalim sa rehiyonal na naratibo, ang impluwensiya ng Katolisismo. Bilang isa sa dalawang tanging bansang mayoryang Katoliko sa Timog-Silangang Asya, ang mga simbolo ng pananampalataya at relihiyosong pista ay nagiging marka ng partikular na karanasan ng bansa. Ang pagkakaibang ito ay mahalaga sapagkat nagbibigay ito ng kontra-timbang o alternatibo sa dominanteng Budismo, Islam, at iba pang pananampalatayang Asyano na nangingibabaw sa rehiyon. Sa pamamagitan nito, ang Pilipinas ay nagsisilbing halimbawa ng pluralismo at pagkakaiba-iba na siyang pundasyon ng ASEAN. Ang ganitong partikularidad ay hindi hadlang sa kolektibong identidad; sa halip, ito ay nagiging tulay na nag-uugnay ng mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga bansa.

Sa kabuuan, ang pambansang identidad at kultura ng Pilipinas sa loob ng ACH ay lumilitaw bilang isang masalimuot ngunit makabuluhang diskurso. Sa pamamagitan ng mga relikyo, eksibit, at pagtatanghal ay ipinakilala at ipinakikita ang isang imahen ng Pilipinas na sabay na nakaugat sa kasaysayan at nakikibahagi sa kontemporaneong karanasan, at nagpapakita ng dinamika ng kolonyalismo at globalisasyon na patuloy na humuhubog sa identidad ng bansa. Sa lahat ng ito, lumilitaw na ang Pilipinas ay bansang mayaman sa kasaysayan, masigla sa tradisyon, at bukás sa kontemporaneong pagbabago. Habang ipinapakita nito ang mga

pagkakatulad sa ibang bansa sa ASEAN ay ipinapakita rin nito ang natatanging katangian na bunga ng kolonyal na karanasan at relihiyosong impluwensiya. Sa ganitong paraan, ang Pilipinas ay hindi lamang nagiging isa sa maraming boses sa loob ng ASEAN, kundi nagsisilbing tulay at tagapamagitan sa masalimuot na usapan hinggil sa pagkakakilanlan at rehiyonal na pagkakaisa.



Figur 2. Biswal na Representasyon ng Pambansang Kultura at Identidad at Representasyon nito sa ASEAN

Implikasyon sa Usapin ng Kultural na Diplomasya sa ASEAN

Isa sa pinakamahahalagang paraan kung paanong naisasabuhay ang kultural na diplomasya sa ACH ay sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa pagkakaiba-iba at pagkakatulad ng mga bansang kabilang sa ASEAN. Ang sinasabing pagkakaisa sa pagkakaiba-iba (*unity in diversity*) ay naitatanghal sa pagpapakita ng iba-ibang kultura at tradisyon na nakaugat sa mas malawak na pagkilala sa kolektibong kultura ng ASEAN. Mahalaga ring bigyang-diin na ang kultural na diplomasya sa ACH ay hindi lamang nakatuon sa pagpapakita ng mga bagay mula sa nakaraan, kundi sa paglikha ng tulay para sa kontemporaneong ugnayan. Ang lahat ng danas na maaaring matunghayan ng publiko sa ACH ay nagiging kasangkapan ng mas malalim na interaksyon. Sa ganitong paraan, ang kultura ay hindi lamang itinatanghal bilang eksibit kundi bilang buhay na praktis na nagbibigay-daan sa marubdob na komunikasyon at kooperasyon, tungo sa pagbabahagi ng naratibo at pagbubuo ng ugnayang nakabatay sa tiwala at pag-unawa.

Isang aspeto ng kultural na diplomasya na malinaw sa ACH ay ang pagbibigay-diin sa *mutuality* o kapuwa-pakinabang na ugnayan. Hindi lamang ipinakikilala ng mga bansang ASEAN ang kanilang kultura sa publiko ng Korea kundi nakikibahagi din sila sa mas malawak na proyekto ng pagbuo ng isang kolektibong identidad na nakabatay sa rehiyonal na pagkakaisa. Sa ganitong paraan, ang ACH ay nagiging espasyo kung saan muling binibigyang-kahulugan ang mga pambansang kultura bilang bahagi ng isang mas malawak na rehiyon. Para sa Pilipinas, mahalaga ito sapagkat ipinapakita nito kung paanong ang pambansang identidad

ay maaaring isama at ipakilala sa pamamagitan ng ASEAN bilang isang alternatibang espasyo ng representasyon. Sa pamamagitan naman ng pagbubukas ng espasyo para sa mga ordinaryong bisita, mula sa mga mag-aaral hanggang sa mga turista, ang ACH ay nagiging lugar kung saan ang mga mamamayan mismo, at hindi lamang ang mga opisyal ng gobyerno, ay nagkakaroon ng pagkakataong makilahok sa prosesong diplomatiko. Ibig sabihin, ang mga ugnayan ay hindi lamang umiikot sa antas ng estado, kundi sa araw-araw na karanasan ng mga indibidwal. Sa kontekstong ito, ang kultural na diplomasya ay nagiging isang demokratikong proseso ng pagbuo ng mas malalim na ugnayan.

Mahalagang banggitin na ang ACH ay hindi rin ligtas sa mga hamon. Sa kabila ng pagtatangkang ipakita ang pagkakaiba-iba ng mga bansa sa ASEAN, may panganib na mahulog ito sa homogenisasyon, ang paglikha ng isang imaheng tila nagkakaisa ngunit sa katunayan ay nagbubura ng masalimuot na pagkakaiba. Para sa Pilipinas, ito ay isang hamon: paano maipapakita ang pagiging Katolikong bansa na may impluwensya ng kolonyalismo, habang nananatiling bahagi ng Timog-Silangang Asya na higit na nakaugat sa Budismo at Islam? Sa ganitong paraan, nagiging malinaw na ang kultural na diplomasya ay hindi lamang usapin ng pagpapakita ng mga bagay, kundi ng masusing negosasyon ng identidad at representasyon. Ang pananaw hinggil sa *nation branding* ay mahalaga dahil ang pagpapakilala ng bansa sa internasyonal na antas ay laging produkto ng pagpili, negosasyon, at pag-aangkop (Ang, et. al. 2015; Anholt 2007).

Ang Jeepney sa Busan, Ang Pilipinas sa ASEAN

Isang life-size replica ng jeepney ang iniregalo ng Pilipinas sa ACH noong Nobyembre 7, 2019, bilang pag-alala sa ika-70 anibersaryo ng diplomatikong ugnayan ng Pilipinas at Korea. Para sa akin, ang jeepney ay isang napakahalagang simbolo kung tinatalakay ang kultura at identidad ng Pilipinas sa konteksto ng ACH, sapagkat kinakatawan nito ang kapuwa natatanging karanasan ng mga Pilipino at ang pinagsasaluhang pagpapahalaga ng rehiyon na nais bigyang-diin ng ASEAN.

Una, sumasagisag ang jeepney sa katalinuhan at malikhaing kakayahan ng mga Pilipino. Nagmula ito sa mga surplus ng mga military jeep ng Amerika matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, na binago ng mga Pilipino upang maging sistemang pampublikong transportasyon sa Pilipinas. Pinalaki ang katawan nito, pinintahan ng makukulay na disenyo, at ginawang abot-kaya para sa masa, isang anyo ng masasabing sasakyan ng bayan. Ipinapakita nito hindi lamang ang pagkamalikhain kundi pati na rin ang katatagan, mga katangiang madalas iugnay sa kulturang Pilipino. Dito, ipinamamalas sa publiko at sa mas malawak na pamayanang ASEAN kung paano binabago ng mga Pilipino ang kanilang karanasan sa kolonyalismo at globalisasyon tungo sa isang lokal at makabuluhang anyo.

Ikalawa, sumasagisag ang jeepney sa kolektibong identidad at pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino. Hindi tulad ng ilang simbolo ng kultura na nakalaan lamang para sa mga ritwal o piling sektor, ang jeepney ay isang buhay na artifact na tuwirang konektado sa araw-araw na karanasan ng mga ordinaryong Pilipino. Ang tungkulin nito bilang espasyo ay ugnay sa metapora ng bayanihan. Sa loob ng jeepney, nagkakasama ang mga tao mula sa iba't ibang uri ng pamumuhay (e.g., mga estudyante, manggagawa, tindero, at propesyonal) na sabay-sabay at magkakasamang bumibiyahe patungo sa kani-kanilang destinasyon. Isa sa pinakamalinaw na praktika sa loob ng jeepney ay ang pagpapasa ng pamasaha ng kapuwa pasahero hanggang makarating ito sa drayber, kahit hindi magkakilala. Ang tahimik na sistemang ito ng pagtutulungan ay larawan ng tiwala, malasakit, at pagtutulungan nang walang hinihintay na kapalit. Madalas, mas maraming pasahero ang sumasakay sa jeepney kaysa sa inaasahan, ngunit nagkakasya ang lahat, nagbibigay-daan, at gumagawa ng espasyo, nagpapamalas ng kahandaang pasanin ang bigat ng isa't isa upang sabay-sabay na makarating sa patutunguhan. Kaya, ang jeepney ay espasyo ng isang kultural na pagpapahalaga na nakaangkla sa mas malawak na naratibo ng ASEAN hinggil sa pagkakaisa at pakikipagkapuwa. Sa loob ng ACH, ang pagpapakita ng jeepney ay naglalagay sa identidad ng Pilipino sa konteksto ng Timog-Silangang Asya na nakatuon din sa tradisyon ng pamayanan at kolektibong pamumuhay.

Ikatlo, ang jeepney ay nagsisilbing espasyo ng negosasyon sa pagitan ng tradisyon at modernisasyon. Habang kinikilala ito bilang pambansang simbolo, may mga kasalukuyang debate sa Pilipinas hinggil sa pagpapalit ng mga lumang jeepney para sa modernong bersiyon. Ipinapakita nito ang tensiyon sa pagitan ng pagpapanatili ng pamana at tradisyon, at pagtanggap sa pagbabago. Gaya sa ASEAN, maaaring maging metapora ito ng pag-uusap at diskurso hinggil sa kung paano hinaharap ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya ang pagpapanatili ng tradisyon habang nakikipagsabayan sa modernisasyon at globalisasyon.

Ikaapat, bilang isang biswal at estetikong bagay, ang makukulay na disenyo ng jeepney, mga kultural na imahen, at mga nakasulat na parirala ay ginagawang isang buhay na kanbas ng kulturang popular ng Pilipino. Sa ACH, ang ganitong pagpapakita ay hindi lamang sumasagisag sa materyal na pamana kundi pati na rin sa dinamismo ng malikhaing imahinasyon ng Pilipino. Isa nang museo ang jeepney ng araw-araw na sining, na nagpapamalas sa pagpapahalaga ng ASEAN sa pagkakaiba-iba ng kultura at malikhaing pagpapahayag.

Samakatuwid, ang jeepney sa ACH ay higit pa sa isang sasakyan; ito ay isang multi-tekstong kultura. Ipinapakita nito ang pagkamalikhain, kolektibong pagpapahalaga, at ang komplikadong usapin ng identidad. Ang presensiya nito sa ACH ay nagpapatunay sa ambag ng Pilipinas sa makulay ng kultura ng ASEAN, habang pinapatingkad ang pagiging natatangi ng bansang Pilipinas sa pamamagitan ng simbolong lubos, angkop, at tunay na Pilipino.



Larawan 13. *Ang jeepney sa ACH (Kuhang larawan ng mananaliksik)*

Kongklusyon

Ipinapakita ng eksibit ng Pilipinas sa ASEAN Culture House (ACH) ang mga pagpapahalaga, tradisyon, at naratibo na sadyang binuo upang maipamalas ang pambansang kultura at identidad sa pamamagitan ng mga biswal, materyal, at performatibong paraan. Isa itong makapangyarihang halimbawa kung paanong ang pambansang identidad ay hindi lamang nililikha sa loob ng bansa kundi inaangkop at ipinapakita sa labas, lalo na sa espasyo ng ASEAN at sa harap ng pandaigdigang manonood. Sa pamamagitan ng maingat na eksibit ng kultura at kasaysayan, naitatanghal ang isang naratibo ng Pilipinas bilang bansang nakaugat sa mayamang tradisyon, nakikibahagi sa karanasan ng ASEAN, at nakikibagay sa globalisadong mundo sa pamamagitan ng kulturang popular.

Nagsisilbi ang ACH bilang isang espasyo ng diplomasya na nagpapakita kung paano sama-samang isinasalin at isinasabuhay ang konsepto ng rehiyonal na pagkakaisa at pambansang identidad. Nagaganap ang mga eksibisyon sa isang transnasyonal at neutral na lugar kung saan maaaring ipagmalaki ng mga bansang kalahok ang kanilang pambansang pagkakakilanlan sa konteksto ng pagiging kasapi nila sa naratibo ng ASEAN sa mga Koreano at internasyonal na publiko. Gamit ang Pilipinas bilang kaso ng pag-aaral, naipakita kung paano ginagamit ang representasyon ng kultura upang bigyang-tinig, pag-alabin, at pag-usapan ang mismong pag-iral ng diplomasya ng ASEAN. Bukod sa pagbibigay-diin sa mga aspekto ng pinagmulan na may kaugnayan sa pambansang identidad, ang Pilipinas ay lumilikha ng natatanging pananaw sa rehiyon gamit ang sariling pagpapasya at pagtatakda ng landas. Nakikibahagi ang ACH sa tradisyonal at kontemporaneong pagsisikap sa pamamagitan ng pagiging nakaugat sa nakaugaliang tradisyon at panlipunang pamumuhay, habang nakatuon din sa hinaharap sa pamamagitan ng mga digital na instalasyon, mga eksibit sa pista, at sining ng pagtatanghal.

Bilang pagtatapos, ang representasyon ng Pilipinas ay nagpapatibay sa mas malawak na layunin ng diplomasya na gamitin ang kultura upang ibahagi ang tiwala sa bansa at rehiyon, upang makapagtanghal ng mga karanasang kultural na maaaring pag-usapan at pagmulan ng empatiya. Sa ganitong diwa, ang Pilipinas ay “pumili” mula sa kaniyang kasaysayan, kultura, at espirituwal na sensibilidad upang kumonekta sa isang rehiyonal na pagkakakilanlan. Sa ganitong paraan, nakapagpapalakas ito ng tiwala at nagpapatuloy ng makabuluhang pag-uusap upang pagtibayin ang isang Aseanong kolektibong karanasan tungo sa rehiyonal na pagkakaisa sa Timog-Silangang Asya.

Pasasalamat

Iniharap ang unang bersiyon ng sanaysay sa *4th International Conference on Multidisciplinary Filipino Studies (ICMFS)* noong Setyembre 25–27, 2025, sa Unibersidad ng Santo Tomas, Lungsod ng Maynila, Pilipinas. Pasasalamat kay Dr. Jovy M. Peregrino na inspirasyon ng panimulang idea hinggil sa diskurso ng mga simbolong kultural.

Mga Sanggunian

- Aguilar, Filomeno V. *Clash of Spirits: The History of Power and Sugar Planter Hegemony on a Visayan Island*. University of Hawaii Press, 1998.
- Ang, Ien. “Cultural Diplomacy and the Politics of Cultural Identity.” *International Journal of Cultural Policy*, vol. 25, no. 4, 2019, pp. 491–506. <https://doi.org/10.1080/10286632.2018.1500564>.
- Ang, Ien, et al. “Cultural Diplomacy: Beyond the National Interest?” *International Journal of Cultural Policy*, vol. 21, no. 4, 2015, pp. 365–381. <https://doi.org/10.1080/10286632.2015.1042474>.
- Anholt, Simon. *Competitive Identity: The New Brand Management for Nations, Cities and Regions*. Palgrave Macmillan, 2007.
- Bennett, Tony. *The Birth of the Museum: History, Theory, Politics*. Routledge, 1995.
- Bouquet, Mary. *Museums: A Visual Anthropology: Key Texts in the Anthropology of Visual and Material Culture*. Bloomsbury Academic, 2013.
- Cho, Hyejin. “ASEAN-Korea Cultural Exchange and the Role of the ASEAN Culture House.” *Journal of Korean Cultural Studies*, vol. 33, no. 2, 2020, pp. 77–95.
- Falk, John H. *Identity and the Museum Visitor Experience*. Routledge, 2016.
- Fraser, Nancy. “Rethinking Recognition.” *New Left Review*, no. 3, 2000, pp. 107–120.
- Gonzalez, Andrew. “The Language Planning Situation in the Philippines.” *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, vol. 19, nos. 5–6, 1998, pp. 487–525.
- Hall, Stuart. “The Work of Representation.” *Representation: Cultural Representations and Signifying Practices*, edited by Stuart Hall, Sage, 1997, pp. 13–74.
- Heyes, Cressida. “Identity Politics.” *The Stanford Encyclopedia of Philosophy*, edited by Edward N. Zalta, Fall 2016 Edition, <https://plato.stanford.edu/archives/fall2016/entries/identity-politics/>.
- Ileto, Reynaldo C. *Filipinos and Their Revolution: Event, Discourse, and Historiography*. Ateneo de Manila University Press, 1998.
- Kim, Seokjin. “Busan as a Hub of ASEAN–Korea Relations: The Role of the ASEAN Culture House.” *Korea Foundation Review*, vol. 6, no. 1, 2018, pp. 45–60.

- Korea Foundation. *ASEAN Culture House Inauguration Report*. Korea Foundation, 2017.
- Lumbera, Bienvenido. *Writing the Nation / Pag-akda ng Bansa*. University of the Philippines Press, 2000.
- Macdonald, Sharon. "Expanding Museum Studies: An Introduction." *A Companion to Museum Studies*, edited by Sharon Macdonald, Blackwell, 2006, pp. 1–12.
- Nye, Joseph S. *Soft Power: The Means to Success in World Politics*. PublicAffairs, 2004.
- Parreñas, Rhacel Salazar. *Servants of Globalization: Women, Migration and Domestic Work*. Stanford University Press, 2001.
- Tadiar, Neferti X. M. *Fantasy-Production: Sexual Economies and Other Philippine Consequences for the New World Order*. Ateneo de Manila University Press, 2004.

Lima Ka Binalaybay Halin Sa South Cotabato

Five Poems From South Cotabato

Poems in Kinaray-a with Translations in English

Adrian Medina Pregonir
Notre Dame of Marbel University

Gabii kang Pagtambong sa Gunu Bong

Nagasaot kamo, palibut-libut,
samtang nagadaba-daba sa kasadya
ang kalayo sa inyo tēnga,
sangka solemne nga punsyon kang pagdēmdēm.
Nagaamba kamo kang mga sugidanēn
kang pagpanglugayawan
kang mga inyo tumandok sa pantalan
kang iban nga mga banwa.
Ginsaysay ninyo samtang nagakatin-katin
nga nagatiniil ang sugidanēn kang Lemlunay,
ang pagkawasak kang banwa,
ang pagkamatay kang mga diyos,
ang pagkabun-ag kang paraiso.

Kato nga gabii, mga owung
ang inyo dila sa tēnga ka linaw nga maduro ti
nagalutaw nga water lily. Nagasalya
sa makanay nga balēd kang linaw
ang ambahanun kang inyo daan nga epiko.
Sa inyo mga tinaga,
nagadara kamo kang mga binagtong,
pungpong kang mga inagihan
kag mga bulawan nga istorya
kang inyo makatilingala nga pagbutwa.

Samtang nagasirinaut kamo,
yara kami nagapamalandung
sa sanaaw ninyo nga landong
nga ginagiyahan kang nagakurap
nga kalayo, nagabagtik nga baga.
Ang mga hawak ninyo nga ginburambudan
kang nagabagting-kiling nga paha,
angay kang mga higot nga gin-angët
namën sa marayë nga sugidanën kag banas
kang diyaboliko nga siyudad nga amën ginhalinan.

Man-an namën, békët lang kami ang bisita.
Kuon kang isa ka bata, ang inyo mga tumandok
nagapanilag kaninyo, nagausap kang bunga.
Sanda ang mga bituon sa langit.
Ang kalayo ang andang sanag sa paagtunan.
Kon sanda magtalang, magabagting lang ang kulintang.

A Night of Visiting Gunu Bong¹

You danced, circling around,
while the bonfire in your midst
immerses in eternal joy,
a solemn ceremony of remembrance.

You weave tales through chants
of the journey
of your indigenous kin to the ports
of other towns.

You narrate as you dance
barefoot the sugidanun of Lemlunay²,
the destruction of villages,
the demise of the gods,
the birth of paradise.

On that night, your tongues
are like the owung³ in the clear, serene water,
floating like water lilies. Drifting
in the gentle waves of the lake,
narrating your ancient epics.

Through your words,
you bring forth stories,
threads of journeys
and golden tales
of your extraordinary existence.

While you dance gracefully,
we, in silent meditation,
bask in the radiance
guided by the flickering
flames, the crackling embers.
In your waists encircled
by the tinkling belt,
are threads connected
to distant legends and myths
of the diabolical city we come from.

Know that we aren't just your visitors.
There's a child who said, your ancestors
too, are watching, eating a betel nut.
They are stars above the skies.
The bonfire is the light of their routes.
If they become lost, the kulintang will resound.

*Nagahanda lang kang paniugto ang sangka libun kang ang ana panimalay sa nabagatnan
nga isla sa Mindanao ginpauranan kang bala, 2018*

¹**Gunu Bong** - a traditional Tboli house for the affluent before colonization, built on bamboo or timber stilts, designed to house extended families (8–16 people) without interior partitions

²**Lemlunay** - the good place one goes to in the afterlife

³**Owung** - a traditional Tboli dugout canoe

Para kay Danyan

The young Tboli woman had been preparing lunch when her remote, indigenous community on the southern Philippine island of Mindanao was peppered with gunfire. One bullet ripped into the wooden wall beside her. Another pierced the corrugated tin roof.

- Balita halin sa The Guardian

Sangka ugto, nagaraha kaw lang kang Onuk Nelut
sa matinong ninyo nga payag-payag. Burubhay
nagbundak ang duro kabaskëg nga uran.
Bukun uran nga pagtangis kang langit
kundi uran kang bala halin sa mga puwersa
Pinasahi dya nga uran hay sarang karia mabuslot
ang bakal nga atop. Sarang man dya makalusot
bisan sa kalakat nga pader nga nagaamlig
kaninyo kon gabii batok sa mga busao.
Sa una nga bundak kang mga lupok, nagkamang kaw sa salëg.
Wara ka nagtiyabaw. Kang naghanda ka magbato,
nagpugong ang imo bana, amay, darwa ka bugto. Nagbëel
sanda kang bangkaw kag pana, nagdaragan sa gwa
kag gin-atubang ang singkuwenta ka armalayt
nga nakapalibot sa inyo panimalay. Suno sa ugayong kang linupok,
ang imo amay, nga sangka busalian nga datu: komunista.
Ugaring, wara ti ikasarang ang bangkaw kag pana
batok sa mga pusil nga nagapahanëgët magpasëled
kang mga plantasyon kag minahan sa inyo puruy-an.
Kang nahuman ang linukpanay, wara kaw makabatas,
nagkamang ka paggwa sa inyo balay. Hinay-hinay.
Kag sa haron kang kamunsil, ang imo bana, nagahalayaon,
ang anang utok, nagkarawas-ag. Ginhakëp mo anang utok
kag ginbalik liwan sa anang buka nga bagol. Kang ugto
nga to, para kanimo: bëkët uran kang pagtangis ang nagduaw,
bëkët bala, kundi uran kang mabasakug nga kaakig. Paano mo
pa ilubong ang mga logi kang imo kabuhi kon amat-amat
run nagasëled ang mga sinso kag buldos sa inyo ugsadan?

For Danyan

The young Tboli woman had been preparing lunch when her remote, indigenous community on the southern Philippine island of Mindanao was peppered with gunfire. One bullet ripped into the wooden wall beside her. Another pierced the corrugated tin roof.

- Report from The Guardian

One midday, you were cooking onuk nelut⁴
in your modest hut. After a moment,
heavy rain poured relentlessly.
It was not the rain from the weeping sky,
but a rain of bullets from the forces.
This peculiar rain could pierce through
the sturdy iron roof. It could even penetrate
the kalakat⁵ walls that guard you
during nights against the busao⁶.
Upon the first torrent of explosions, you crawled on the floor.
You did not flinch. While you prepared to attack,
your husband, father, and two siblings held you back.
They took their spears and bows, rushed outside,
and confronted the fifty guns surrounding your home. The explosions implied
that your father, a respected datu, was a communist.
But spears and bows were no match
against the guns that enforced the entry
of plantations and mines into your ancestral land.
When the rain was over, you couldn't resist,
and slowly crawled out of your house.
In the meadow of kamunsil tree, there, your husband lay dead,
his brain scattered and shattered. You scraped his brain
and gently returned it to his broken skull. That afternoon,
for you, it wasn't a rain of tears that visited you,
nor bullets, but a rain of fierce anger. How can you
bury the men of your life when slowly the chainsaws and bulldozers
are creeping into your yard?

⁴**Onuk Nelut** - Tboli tribal stew, akin to tinola, cooked over coals with spices in bamboo, featuring native sweet basil and ginger, covered with lamenge leaves.

⁵**Kalakat** - wall made of bamboo strips

⁶**Busao** - malevolent spirits which wreak havoc on the lives of human beings, thus causing misfortune and illness.

Hangyo kay Fu Dalu, Diyos kang Abaka

Andët kamo lang ang ginapadamgo
kang mga bayhon ka buaya, bituon, bangkaw, bulak?
Ayhan sa inyo mga alima
may nahënël rën nga abaka,
nagahulat nga marara
sa malawid nga panahon.

Palihog, Fu Dalu, kon dyang akën mga tudlo
nahanas rën nga magsipal
gama dyang imo mga hilo,
pabay-i lang takën nga magdamgo
kang mga balaan nga simbolo.
Untati rën ang pagpadaman
kanakën kon paano kamo
gin-into kang mga puti itlog
hay dya békët gid marara.

Man-an ko, sa Tnalak, dapat wara it kagamo,
pay andët may rëgya sa akën damgo?

A Request to Fu Dalu⁷, Goddess of Abaca

Why are you the only ones allowed to dream
of the pattern of the crocodile, star, spear, flower?
Perhaps in your hands,
there is already cultivated abaca,
waiting to be woven
for a long time.

Fu Dalu, please, if my fingers have mastered
the play using your threads,
let me dream
of sacred symbols.
Enough with the dream
of how you were deceived
by the *puti itlog*
because that can never be woven.

I know, in Tnalak⁸, there should be no chaos,
but why is there one in my dream?

⁷**Fu Dalu** - Abacá spirit, contacts women in dreams as animals or humans, interpreted by master weavers into patterns, taking three to four months to weave.

⁸**Tnalak** - Tboli weaving tradition from South Cotabato, Philippines. Women weave cloth with designs received in dreams, believed to be a gift from Fu Dalu, the Tboli Goddess of abacá.

Sa Bata nga Nagahulat kang Urihi nga Oras

Rëgyan kaw: nagatindëg sa haron
Kang layong nga puno, nagahangyo kang sabat.
Nahulog ang sangka dahon sa imo agtang,
Ang isara: sa duta ingud kang imo kahig.
Ginpudyot mo dya, gintërek kag ginhëyëp
Imaw ang hutik kang imo mga paghangyo.

Tulo ka oras rën lang, daragkël nga makina
Ang magasëlëd sa busong kang imo tumandok nga duta.

Indi kaw pa nahanda magkali kang imo inangkunan.
Ang kamote kag iban pa nga tanum sa duta
Nagahulat pa kang tion bag-o sanda mahimo
Run nga garbuton kang imo alima nga pilason.
Samtang rëgyan kaw pa, pira ka oras rën lang—
Nagatindug sa malapad nga wayang kang imo pagkabata,
Kon sa diin ginaambahan kang faglung kag kudlung
Dya tanhaga kang mga lanton kang imo banwa—
Wara kaw ti makali kundi dyang luha
halin sa inyo gunu kag Sitio,
Nga nagasimba sa mga diyos nga maghunong rën
Sa andang pagsëlëd sa kasudlan
Kang imo kadutaan.

Kadya, nagahunahuna kaw rën kang malain:
Tanan kamo magdaralagan.
Pukawon kamo kang mga linupok.
Magadanaw dyang dugo ka imo bugto sa salas.
Magasinggit nga wara it limëg ang imo Iloy
Agëd maluwas kaw sa bangkil kang kamatayon.

Gamay rën lang nga minuto, rëgyan kaw pa nagatindëg
Nagahulat kang layung nga sabat, kang sabat.
Sa paghulat, ang sabat amo dyang handumanan
Kang imo pagkabata nga nagaamba kang inyo sugidanun
Bag-o magtakup ang adlaw kag ang mga kikik
Magahutik kang oyayi kang imo urihi nga oras.

To a Child Waiting for the Final Hour

You are there: standing under the canopy
Of withered trees, begging for answers.
One leaf falls on your forehead,
The other: on the ground beside your feet.
You picked it up and blew the leaf together
With the whispers of your pleading.

Three hours remain, colossal excavators will
Invade the womb of your native soil.

You are still unprepared for digging up your possessions.
Camote and other crops from the earth
Are still waiting for their own time to ripen
Before your wounded hands will gather them.
As you stand there with hours left—
Gazing at the vast grassland of your childhood,
Where faglung⁹ and kudlung¹⁰ play
The surreal melodies of your roots and place—
You have nothing to gather but the tears
from your gunu and your Sitio,
Worshiping the lords to halt their wrath
As they dig into the innermost being of your land
In quest of riches.

You are now expecting something dark:
All of you will run and leap and hasten.
Guns will haul you from your sleep.
Your brother's blood will pool on your balcony.
Your mother will scream silently
To redeem you from the fangs of death.

⁹**Faglung** - A lightweight, two-stringed boatlute with movable frets attached to a long neck using beeswax, ideal for extended play.

¹⁰**Kudlung** - Traditional two-stringed lute from the Philippines, playing a vital role in indigenous culture, used prominently in ceremonies, rituals, and traditional performances.

Minutes left, you are still there: standing under the canopy
Of withered answers, waiting for answers.
But, for the meantime, answers are the memories you keep
Of your childhood chanting the stories of your origin
Before the sun descends and the crickets
Will hush the lullabies of your final hour.

Ang Libun sa Ned

Naglëhëd kaw sa gamhanan nga puno.
Ang imo tuhod nagharek
sa nagakirinutot nga dahon.
Samtang nagapiyung,
naghalad kaw kang pangadi,
nagpangayo it tabang
kay Dwata kag Lmugot Mangay
nga kon magguba ang kalibutan
dar-on kaw sa Lemlunay.
Pagmuklat mo, nagaamba
ang hutik kang hangin
sa buhok nga nagatabon
sa imo dahi—hipus nga sabat
nanda kanimo.

The Woman of Ned

You knelt before a majestic tree.
Your knees brushed
against the rustling leaves.
As you closed your eyes,
you offered a prayer,
seeking help
from Dwata¹¹ and Lmugot Mangay¹²,
that if the world were to collapse,
you would be brought to Lemlunay.
When you opened your eyes,
the whispers of the wind sang
through the hair that covered
your forehead—a gentle response
from them.

¹¹**Dwata** – the supreme deity

¹²**Lmugot Mangay** - the god of life and of all growing things

Tungkol sa mga May-akda/About the Authors

Sara Mae San Juan-Robin is a faculty member of the Institute of Arts and Sciences of the Far Eastern University. She graduated with a master's degree in Philippine Studies from De La Salle University Manila. Her master's thesis, *Bagsakan: Estetika at Praktika*, is considered to be the most extensive study on Philippine battle rap. Her other research interests include urban ethnography, humor, literary and film criticism, gender, and pop culture in performance. A prolific writer, some of her creative nonfiction and poetry are likewise published.

Vivienne S. Monta is a graduate of both Bachelor of Arts and Master of Arts in History at De La Salle University. She is currently a part-time instructor at the De La Salle University Manila and the University of Santo Tomas. She has also taught social science courses at the Philippine State College of Aeronautics and De La Salle-College of St. Benilde Senior High School.

Davidson G. Oliveros is an assistant professor at the Department of Performing Arts of the Polytechnic University of the Philippines (PUP) in Sta. Mesa. In addition to teaching, he serves as Chief of the Student Affairs Section of the PUP Office of Student Services. As a theatre practitioner, he has worked as a dramaturg for theatre productions with Dulaang UP, Repertory Philippines, and Encore Theater, as well as for cultural shows mounted by the Department of Tourism, the Cultural Center of the Philippines, the National Commission for Culture and the Arts, and the Metropolitan Theater. His research interests focus on Philippine political and protest theatre, traditional Philippine theatre forms, and religious celebrations in the Philippines.

Mark Glenn L. Tejada is an Assistant Professor IV at the Bicol University in Legazpi City, Albay, where he also serves as the University Coordinator for the Culture and the Arts Program. He holds a Master of Arts in Physical Education degree from the same university and is currently pursuing a Doctor of Philosophy in Educational Leadership and Management, with a major in Special Education. With over two decades of experience in teaching Physical Education, Health, Music, and Dance, he has served both secondary and tertiary education institutions in the Philippines. He is a licensed professional teacher and has extensive expertise in inclusive education, movement education, and arts program management. Prof. Tejada is an award-winning researcher, recognized with Best Research Paper awards and as a finalist in international academic conferences. His scholarly works and creative outputs focus on culture-based education, dance, music, and community festivals, including the research-based Padaraw Festival. He has directed and choreographed numerous cultural performances. Committed to holistic education, he actively advocates for the integration of arts, culture, wellness, and inclusive practices in academic and community settings.

Samantha Andre V. Torres is a Filipino music educator in the United States. She earned a Master of Music Education degree from the University of Colorado Boulder and a Bachelor of Music in Music Education degree from the University of the Philippines Diliman. She holds teaching licenses in the Philippines and the states of Colorado and Minnesota, USA. She has taught general music, band, and choir in K–12 and higher education settings, engaging students in diverse contexts. These experiences inform her teaching, which emphasizes inclusivity, student creativity, and culturally responsive approaches. Torres developed student-centered, project-based, and technology-integrated music programs to support these principles. An active music practitioner, she engages in research exploring general music education, inclusive pedagogy, and social justice in music education, applying insights gained from a leadership program focused on music technology and innovative pedagogy. Her work has been presented at international and state conferences, including the International Society for Music Education (ISME) and the Colorado Music Educators Association (CMEA).

André Lorenz Bitun FERIA is a Toronto-based Filipino ethnomusicologist and music educator whose work centers on decolonization, Filipino music, and culturally responsive pedagogy. He holds a Master of Arts in Ethnomusicology from Memorial University of Newfoundland, as well as a Bachelor of Music in Music Education and a Diploma in Creative and Performing Musical Arts from the University of the Philippines Diliman. His research examines the intersections of music, language, identity, and coloniality in Philippine and diasporic music education contexts. His current research interests include queering ethnomusicology in the Philippine context, particularly through the study of local drag scenes and performance spaces in Metro Manila. André is also an active music practitioner and choral conductor with experience in public, private, and community-based music education settings. His scholarly and creative work bridges ethnomusicology, music education, and community engagement. He has presented his research at international conferences, including the International Society for Music Education (ISME). André is passionate about advancing inclusive, culturally sustaining approaches to music teaching and learning.

Si **Gerard P. Concepcion** ay nagkamit ng mga digring Bachelor of Secondary Education, MA Philippine Studies, at PhD Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagturo siya bilang Visiting Professor sa Busan University of Foreign Studies sa South Korea noong 2019 hanggang 2020 ng mga subject sa kultura at wikang Filipino. Kasalukuyan siyang nagsisilbi bilang Propesor at Katuwang na Tagapangulo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman.

From a small town in Southern Mindanao, **Adrian Medina Pregonir** is an activist, writer, and translator writing in Hiligaynon, Kinaray-a, and Filipino. His works have received honors from the Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, the National Youth Achievement

Award for Creative Writing, the Gawad Rene O. Villanueva for Personal Essay, Bantugan sa Panulatan Kinaray-a, Padya Dungug Kinaray-a, and the Gawad Bienvenido Lumbera for Hiligaynon Poetry. In 2024, he was named *Makata ng Taon* by the Komisyon sa Wikang Filipino's Talaang Ginto for his collection *Sa Muhon ng Iyong Kabaong Maibabaon ang mga Guho ng Kahapon*. He is also the editor of the first anthology of traditional Hiligaynon and Kinaray-a poetry in South Cotabato, *Mga Linuwâ nga Luwà*. His poems, essays, and critical works have appeared in *Liwayway Magazine*, *Dagmay Journal*, *ANI* (Cultural Center of the Philippines), *Likhaan*, *Luna*, *Best of Dagmay*, and other journals and periodicals. He currently teaches language and literature at Notre Dame of Marbel University and remains actively engaged in literary initiatives and social discourse that advance literacy and literatures written in the mother tongue.

TALAS

Ang Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura ay tugon sa pangangailangang maging sentro ng edukasyon ang kultura. Sa pamamagitan ng journal na ito, nabibigyan ng espasyo ang mga mananaliksik na maibahagi ang mga bagong pag-aaral tungkol sa iba't ibang aspekto ng kultura sa bansa. Inaasahan ding magsisilbing hikayat at hámon ang journal na ito sa mas maraming mananaliksik upang lumahok sa produksiyon ng karunungan makabuluhan sa nagbabagong konteksto ng edukasyon, kultura, at lipunang Filipino.

ISSN 2545-9368

